




PhilRice Magasin

Inilalathala ng Department of Agriculture -
Philippine Rice Research Institute
2 beses bawat taon



Rice Crop Manager

Facebook Page

MOET App

PhilRice Text Center

**Modernong
Teknolohiyang
Pangmagsasaka**
Marami na niyan!



ISSN 0254-1311



VOL. 8 NO. 2
Hulyo- Disyembre 2021

PABALAT

Hangad ng DA-PhilRice ang maginhawang paggamit ng mga teknolohiyang nagpapataas-ani at kita para sa mga magsasaka. Kaya naman maging *digital farming* ay inilalako na rin.

Sa ating mga magsasaka, subukan ang mga *digital applications* tulad ng Rice Crop Manager o Leaf Color Computing. Pwede na rin gamitin ang Facebook, Youtube, *online training*, o *text center* sa pagkuha ng impormasyon.

Ano pang hinihintay mo, pili na nang ani at kita ay tumaas din!



www.philrice.gov.ph
www.pinoyrice.com
PhilRiceTV
0917-111-7423
DA-PhilRice

NILALAMAN

- 4 Sa Facebook 'di lang puro saya, matututo ka pa
- 5 Sa PhilRice Text Center, may kausap ka
- 6 Libreng *online training*, pwede!
- 8 VOXPOP: *Digital Farming Technologies*, marami na niyan!
- 9 Napapanahong AGRI-TEKNOLOHIYA, abangan
- 10 RCM, kasangkapan sa madiskarteng pagpapataba
- 11 Hula *no more* sa pagpapataba, sa MOET ipaubaya
- 12 Magsasakang *newbie* pero *techy*
- 13 Anu-anong *apps* pa ang nais niyong balangkasin namin para sa inyo?
- 14 *Online* tindahan, pwede
- 16 *Vlog* sa pagsasaka, nood na
- 17 Kaalaman sa pagsasaka, humugot sa PinoyRice
- 18 Palaywakin ang galing
- 19 6 wais tips sa pagpapalayan

Editor-in-Chief: Ronan G. Zagado • **Assistant Editor:** Hanah Hazel Mavi B. Manalo • **Managing Editor:** Christina A. Frediles
Writers/Photographers: Anna Marie F. Bautista • Jayson C. Berto • Allan C. Biwang Jr. • Nehemiah L. Caballong • Angelie Cabiles • Aldrin G. Castro • CA Frediles • Reuel M. Maramara • HHMB Manalo • Mary Grace M. Nidoy • Cherry Rose Pabigayan • Fredierick M. Saludez • Jemuel C. Sotto • Julianne A. Suarez • Mervelyn Oplas-Tomas • **Cover:** Jayson C. Berto • **Illustration:** Jude Klarence C. Pangilinan • **Circulation/Administrative Support:** Derwin J. Villena • **Consulting Editor:** Constante T. Briones • **Editorial Advisers:** John C. de Leon • Karen Eloisa T. Barroga

Maaaring kopyahin at ipamahagi ng mga mambabasa ang mga nilalaman ng magasing ito, kilalanin lamang ang DA-PhilRice. Gayundin, hinihikayat ang sinuman na magpadala ng artikulo (600-800 na salita kalapig ang 4-5 larawan) at magmungkahi ng tema o mga istorya ng indibidwal o grupo na may kinalaman sa pagsasaka. Maaaring ipadala ang mga ito sa prii.mail@philrice.gov.ph o philricenews@gmail.com; o sa THE EDITOR, DA-PhilRice Magasin, Development Communication Division, PhilRice, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija.

MAHALAGA ANG IYONG OPINYON!

Sagutan ang *survey*. I-scan ang QR code sa pabalat ng magasin gamit ang *camera* ng iyong *cellphone* na may *internet*. Maaaring manalo ng libreng *e-load*.



EDITORIAL

Magsasakang tech-savvy, dumarami

Marami sa ating mga magsasaka ay gumagamit na ng *information and communications technology* o ICT tulad ng *smart phones*, kompyuter, o *internet* sa pagkuha ng impormasyon o pakikipag-ugnayan sa kapwa. Dagdag ito sa mga nakasanayan na nilang radyo, telebisyon, at mga babasahin.

Ayon sa 2016-2017 Rice-Based Farm Households survey ng PhilRice, 93 sa 100 magsasaka ang gumagamit at nais makatanggap ng impormasyon sa tulong ng *smart phones*; mga 74 sa 100 naman ang sa *internet*.

Sa kabila nito, nasa 31% pa lamang sa kanila ang aktwal na ginamit ang pagtetest at 21% ang *internet* sa pangangalap ng karunungan tungkol sa pagpapalayan.

Upang dumami ang gaganahang gumamit ng mga *ICT tools*, ipinakikilala ng isyung ito ng ating Magasin ang mga magsasakang kinarir na ang paggamit ng mga ito. Mamangha sa kanilang mga kwentong nagpataas ng ani at kita sa pagsasaka sa paraang hindi masakit sa bulsa. Bukod pa siyempre sa hatid na ginhawa sa paggamit nito.

Nariyan ang kasanayan ni Julita D. Veleto ng Iloilo na gumagamit ng Facebook sa pangangalap at pagpapalaganap ng impormasyon sa pagpapalayan. Panay naman ang text at tawag ni Paulino P. Villa ng Aliaga, Nueva Ecija sa PhilRice Text Center [0917-111-7423] sa tuwing may tanong siya hinggil sa mga peste at kung anong mainam na barayting itanim.

Online learning gamit ang PalayAralan ng DA-PhilRice naman ang nasubukan ng mag-asawang Maribel at Jay Kennedy Buan. Bukod sa libreng pag-aaral, pwede ka pang manalo

ng premyo pagkatapos ng pagtuturo. Maging ang dating *overseas Filipino worker* na si Mark Anthony Faraon ay nakaani ng kaalaman sa pagsasaka gamit ang *e-learning* ng DA-Agricultural Training Institute habang nasa Dubai pa.

Takbuhan naman ni Randy Butuhan mula Bulacan ang Pinoy Rice Knowledge Bank para sa mga *videos*, *handouts*, at *powerpoint presentations* sa pagsasaka na pwedeng *ma-download*.

Bilang *extension worker*, malaki ang ambag ng Rice Crop Manager *app* kay Fil Victor Babanto. Mahigit 1,000 magsasaka na ang nagabayan niya sa tamang diskarte sa pagpapataba.

Paglitrato gamit ang *cellphone* ang nakatulong kay Roy L. Jacalan ng Isulan, Sultan Kudarat sa walang waldas na paglalagay ng nitrohenon sa palay. Mabuti na lang at may Leaf Color Computing *app* na.

Silipin ang buhay ng isang *vlogger* mula Nueva Ecija kung saan ang simpleng pagbibidyo ng kanyang karanasan sa pagsasaka ay kinapupulutan ng aral ng kanyang mga Youtube *viewers*. Mantakin mong umabot na sa mahigit kalahating milyon ang *views* tungkol sa pagpapalayan.

Mayroon din kaming kwento ng mga magsasakang gumagamit ng *internet* sa pagpopromote ng kanilang produkto. Patunay nila ay mas mabilis sila makabenta mula nang gamitin ang *internet*.

Nawa ay maging bukas tayo sa mga makabagong teknolohiyang makapagpapataas ng ani at kita. Bukod pa siyempre sa maginhawang paggamit ng mga ito, napapanahon din lalo na ngayong may pandemya pa. •

Hilig na talaga ni magsasakang Julita D. Velete, 64, ng Leganes, Iloilo ang magbabad sa Facebook. Aniya, halos 10 oras kada araw ang kanyang itinataya sa *social media*, panaka-naka nga lang.

“Bukod kasi sa nakalilibang mag-Facebook ay ang dami kong natututuhan na siya namang nagagamit ko sa aking 6.2 hektaryang sakahan,” pambungad ni Ginang Julie. Miyembro siya ng Hybrid Rice Farmers of the Phils at siyam na iba pang Facebook groups.

Kwento niya na mainam sumali sa mga Facebook groups. Sa kalaunan, pwede kang magbahagi ng iyong kaalaman o mga pagsubok sa pagsasaka na kanyang binubuno at maaaring kapulutan ng aral. Bukod sa nakakapagsiwalat ng kaalaman ay nakakahugot din ng mga payo si Ginang Julie para sa kanyang bukid. “Kumbaga, hindi lang ako ang nakikinabang sa pagpe-Facebook ko, natututo rin sakín ang mga kaalyado ko.”

Isa rin sa mga administrators ng Usapang Palayamanin facebook group si senior citizen Julie na may 35,000 miyembrong magsasaka, seed growers, researchers, technicians ng pampubliko at pribadong kompanya. Ang kanyang pagiging administrator at pamumudmod ng kaalaman, karanasan, at mga impormasyong kanyang nababasa sa Facebook pages ng Department of Agriculture (DA), DA-PhilRice, at iba pa ay isang boluntaryong gawain na ikinalulugod niyang gampanan.

Kabilang sa naibahagi ni Ginang Julie sa Facebook groups ang video ng Modified Dapog Technique. Ito ay pagpapalaki ng mga punla sa menos- gastos na paraan. Naiiwasan pa ang pagbunot at pagtanim muli ng



Si Julita Velete ay mahilig mag-post sa kanilang Facebook group ng mga video at larawan ng kaniyang mga ginagawa sa bukid dahil nais niyang makapagbahagi ng kaalaman at karanasan sa kapwa magsasaka.

Sa Facebook 'di lang puro saya, matututo ka pa

■ Hanah Hazel Mavi B. Manalo ■

punla na nakakapagpabagal sa paglaki ng palay, dahil bugbog ang punla. Natutuhan niya ang Dapog noong nakapag-training siya sa DA-PhilRice noong 2012.

Nakita naman niya sa DA-PhilRice Facebook Page ang mga bagong barayti na sinubukan niya sa isang bahagi ng kanyang bukid para makilatis kung patok ang mga ito. Ibinibida pa niya na hindi raw siya nag-uulit ng binhing itinatanim upang hindi sumisid ang kanyang ani. Sa bawat taniman diumano ay iba't ibang barayti ang kanyang ginagamit nang mapanatili ang marangyang produksyon at mapamahalaan din ang mga peste. Natisod din niya sa DA-PhilRice

Facebook ang Binhing Palay App at iba pang applications ukol sa damo at pag-aabono.

Hindi siya nakukuntento sa pagpo-post lang ng larawan ng kanyang mga gawain sa bukid, vini-video rin upang manamnam nang lubos ng mga kapwa niya alamat sa pagpapalayan.

Para kay Ginang Julita Velete, may kakaibang ligayang hatid ang Facebook dahil sa bukod sa dagdag-kaalaman na kanyang napipiga ay masarap din sa pakiramdam na nakatutulong siya sa kapwa magsasaka sa pamamagitan ng de-pindot na teknolohiya. •

Sa PhilRice Text Center, may kausap ka

▪ Hanah Hazel Mavi B. Manalo ▪

"Nagte-text kami sa PhilRice Text Center (PTC) kung kami ay may gustong malaman lalo na kung may problema sa pagpapalayan," umpisa ni Paulino "Paul" P. Villa, 54, mula Aliaga, Nueva Ecija.

Bagong simula

Mula sa pagiging arkitekto sa Maynila at sa ibang bansa, naging *full-time manager* si Paul sa kanilang 10-ektaryang palayan sa Aliaga simula 2020.

"Nakaka-enjoy pero *stressful* din pala ang pagpapalayan," paglalarawan ni Paul sa kanyang unang sabak. Noong 2020 tag-ulan kasi, kinalampag ng bagyo ang katatanim lang nilang mga punla at iwinasiwas ulit nung panahon ng anihaan.

Payo mula sa eksperto

Ilan sa mga naitanong na ni Paul sa PTC—at nasagot na rin— ang binhing angat sa tag-ulan sa kanilang lugar, pagsasagawa ng *germination test*, tamang paghahanda ng lupa, tamang kumpas ng paglilipat-tanim, pamamahala ng peste at sakit, *seminar o training*, at paggamit ng *mechanical transplanter*, *drone*, at *drumseeder*.

Ulat ni Paul na nakapag-send na rin siya sa PTC ng *video* ng mga puting kulisap na nakita niyang pumapagaspas sa kanyang palayan. Sagot ng PTC ay *stem borer* ang mga umaaligid sa palayan niya.

Dagdag pa ng PTC, "Tamang *timing* o *tyempo* dapat ang pagbomba ng

lason sa *stem borer* kung talamak na. I-monitor ang mga paru-paro. Kung sangkaterba na sila, hudyat na mangingitlog na ang mga ito. Mainam na mangolekta ng mga itlog nito at ilagay sa garapon, takpan, at hintaying mapisa sa loob ng isang araw. Kapag napisa at madaming uod ang lumabas, kailangang magbomba na rin sa palayan sa loob ng 2 araw upang masukol ang mga uod dahil nasa labas pa ang mga ito."

Todo-pasalamat siya at naagapan ang pamiminsala ng mga puting kulisap sa kanyang palayan. Natutuwa si Paul sa serbisyo ng PTC. Pinatunayan niyang sa isang

kisapmata ay sumasagot ang PTC sa kanilang mga katanungan.

"Maganda at may ganitong serbisyo ang PhilRice. Harinawa tuluy-tuloy ang paglilingkod na ito," hiling ni Paul.

Ang mga napupulot niyang kaalaman mula sa PTC ay ibinabahagi rin niya sa kanyang mga katiwala sa bukid upang lumago rin ang kanilang dunong sa pagpapalayan.

"Hindi ako nagsasawang ituro sa kanila ang mga nalalaman ko dahil sa kalaunan ay makatutulong din ako na mapaganda ang mga buhay nila at ng kanilang mga mahal sa buhay," pagtatapos ni Paul. •



Masugid na ka-text ng PhilRice Text Center (PTC) si Paul P. Villa at ang kanyang asawa dahil tiwala na sila sa mga rekomendasyong ibinabahagi ng PTC para sa kanilang pagpapalayan.

Revel M. Maramba

Libreng online training, pwede!

▪ Anna Marie F. Bautista ▪

Kung may isang magandang bagay na nangyari sa mag-asawang Maribel at Jay Kennedy Buan sa panahon ng pandemyang COVID-19, iyon ay ang pagkakaroon nila ng oras na bumalik sa pagpapalayan. Halos isang dekada na rin ang nakalipas simula 2011 noong huli nilang aktwal na matamnan ang kanilang minanang sakahan.

Mga guro sa Porac, Pampanga ang dalawa. Noong 2020, napilitan silang magtrabaho sa bahay at maging *active* sa Facebook dahil iyon ang naging pangunahing ginagamit nila sa pakikipag-usap sa kanilang mga estudyante.

Isinabay nila ang pagbalik sa pagbubukid.

Dahil na rin sa tagal ng panahon na hindi sila nakapagtanim, mistulang nangalawang na raw si Jay kung paano ito gawin. Dahil mahirap magkonsulta nang *personal* sa kalapit na magsasaka bunsod ng pandemya, natutuhan ng mag-asawa ang mangalap ng impormasyon gamit ang Facebook. Nakatutuwa kasi ang daming pwedeng mapanood sa Facebook!," sabik na kwento ng 40 anyos na padre de pamilya.

Sa kahahanap niya, nakarating si Jay sa Facebook *page* ng DA-PhilRice. Isa nga sa naka-enganyo sa kanya na i-follow ito ay ang PalayAralan na ginaganap dalawang beses kada buwan. Ito ay talakayan tungkol sa mga teknolohiya at rekomendadong kaugalian sa pagprodyus ng palay. Ang mga tagapagsalita dito ay mga eksperto sa modernong pagsasaka. Hindi lang sila makikinig basta, maaari ring magtanong o magkomento ang mga nanonood nito.

Tatak PalayAralan

Sa dami ng napanood ng mga Buan sa PalayAralan, tatlong bagay raw ang bumaon sa kanilang isipan. Sinulat nga rin nila ito sa *notebook*.

Una ang tamang dami ng dekalidad na binhing ipupunla. Ayon kay Jay, noong magtanim ulit sila nitong 2020, gumamit siya ng halos 50 kilong binhi sa 0.7 ektarya. Napagtanto niya sa tulong ng PalayAralan na sapat na sa isang ektarya ang 40 kilo. Samakatuwid, labis-labis ang ipinunla niya.

Pangalawa ay ang tamang pag-aabono. "Right E-A-T dapat,"



Nasa Dubai man o Pinas, tuluy-tuloy pa rin ang *online learning* ni Mark Faraon.

pagdidiin ni Maribel. Nang tumalab sa kanila ang prinsipyong ito, agad-agad nilang ginamit ang Leaf Color Chart na napanalunan nila sa isang Tiktok *video contest* ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) - Seed Program. Gamit ito, nalalaman nila kung dapat na bang mag-aaplay ng nitrohenon sa palay sa pamamagitan ng kulay ng mga dahon nito.

Tumatak din daw sa isip ni Maribel ang tamang panahon ng pag-aabono. Aniya, depende pala ito sa pangangailangan ng palay, hindi sa kagustuhan lang ng nagtanim.

Mahalaga rin ang huling natutuhan ng mag-asawa na tamang pamamahala ng mga insekto sa palayan.

"Wala sa aking hinagap na meron pala 'yung mga nakatutulong sa palay. Akala ko lahat ng insekto ay peste. Kaya hindi na kami basta-basta nag-i-isprey ngayon. Nakatitipid na, *safe* pa sa aming pamilya na kumakain ng inaani namin," pahayag ni Jay.

Simula 2020, tatlong beses pa lang nagtanim ang pamilya Buan. Ang una dito ay hindi inabutan ng kanilang mga natutuhan. Ang mga sumunod naman ay maituturing nang alagang-PalayAralan.

Noong pangalawang taniman, nakatipid sila sa binhing ipinunla. Gamit ang NSIC Rc 402 na natanggap nila sa RCEF-Seed Program, umani sila ng lampas 50 sako na may timbang na 60-65 kilo kada sako. Naibenta nilang sariwa ang kalahati nito nang P14.50 bawat kilo, at ang natira ay pinangkain ng pamilya at pinambayad din sa nirentahan nilang *harvester*.

Noong pangatlong taniman, umurong nang halos dalawang sako ang kanilang ani dahil sa

bagyo, pero naibenta naman nila ito nang P19.50 dahil ito ay NSIC Rc 160. Hindi na masama sa nagsisimula muling magsaka!

Estudyanteng OFW

Simula 2005, 14 taon nang pabalik-balik si Mark Anthony Faraon sa Dubai bilang isang OFW. Gayunpaman, hindi siya tumigil mag-aral tungkol sa agrikultura. Ito kasi ang tunay na malapit sa puso niya. Tubong Aglipay, Quirino ang 40 anyos na ginoo.

"Nasa Dubai man ako, panay pa rin ako sa paghahanap ng impormasyon tungkol sa pagsasaka hanggang sa nalaman ko ang *e-learning courses* ng DA-Agricultural Training Institute (DA-ATI)," pag-alala ni Mark.

Agad-agad niyang binisita ang www.e-extension.gov.ph. Gamit ang kanyang *roaming number*, binigyan siya ng *code* upang makapasok sa kurso. Umabot sa 7 kurso ang na-enrol ni Mark sa *e-learning*. Isa na nga diyan ang *rice-duck farming technology*.

"Sa pag-enrol, natutuhan ko ang relasyon ng mga pato sa palay. Iwas-pesto at makatitipid sa pagkain ng pato dahil binabanatan na nila ang mga kuhol. Tipid din sa pataba kasi yung dumi ng pato ay may mataas na Kuhol Amino Acid dahil sa kakakain nila ng kuhol. Dagdag ito na mapagkukunan ng sustansiyang nitroheno ng palay," pangaral ni Mark. Maganda ang resultang natamo matapos niyang gamitin ang kanyang natutuhan nang nakauwi na siya sa Pilipinas.

Ngayon nga na nasa Pinas na siya ay patuloy pa rin siya sa pagsali sa mga *training* ng DA-ATI at iba pang ahensya. Sa tulong ng mga ito, nagawa niyang palaguin ang kanyang 6-ektaryang Faraon Farm sa Quirino.

Bukod sa palay, mayroon na rin siyang tanim na mga punong namumunga, pinya, mais, at mga gulay. May alaga na rin siyang tupa, kambing, manok, at isda. Umarangkada nga raw ang mga ito dahil sa kasali niya sa mga kung anu-anong pagsasanay.

Kaya ano pang hinihintay mo? Mag-online learning na, libre pa! •



Ramiyaj Joy Buan Facebook

Hanggat maaari, sabay nanonood ang mag-asawang Buan sa PalayAralan. Bukod sa natututo na, nagsisilbing bonding na rin ito ng mag-asawa.

Digital Farming Technologies, marami na niyan

▪ Allan C. Biwang Jr. ▪

Binhing Palay App

“Nakatutulong po ang *app* na ito sa tamang pagpili ng barayti ng palay na tugma sa panahon at aming lugar, pati na rin ang aasahang ani ng bawat barayti. Sobrang laking tulong po lalo na sa aming mga baguhan sa pagsasaka.

Alfredrick Estabillo, 35, magsasaka, Nueva Ecija

“Ginagamit ko ito bago bumili ng binhi o kapag may binigay mula DA, lalo na kapag gusto mong ikumpara mga barayti. Bukod diyan, tinitingnan ko din ang *amylose content* nang malaman kung malambot o matigas ba ang kanin.

Nomer Malakas, 41, magsasaka, Oriental Mindoro

“Sa pamamagitan nito ay *updated* ako sa mga bagong binhi. Minsan nga ay ito na gamit ko kapag may nagtatanong sa 'kin na kapwa magsasaka o yung mga kasamahan ko sa Facebook *group* na aking sinalihan. Katunayan, ineenganyo ko sila na mag-*download* din ng Binhing Palay App.

Lauro Manipon, 60, magsasaka, Pangasinan

DA-PhilRice Facebook messenger

“Hindi ko malilimutan nang pinayuhan ako tungkol sa tamang pamamahala ng pataba. Bilang baguhan sa pagsasaka, kulang pa ang aking kompyansa sa sarili at karanasan sa pagbubukid. Mabuti na lang may mapagkakatiwalaan akong eksperto na nakaka-*chat* sa pagsasaka. Proud ako na umabot sa 5 tonelada kada ektarya ang ani ko.

Mae Cortina, 28, magsasaka, Cagayan

“Nakakatuwa at madali na lang makakuha ng payo sa pagpapataba gamit ang Messenger. Sa tagal ko nang nagsasaka, hindi ko akalaing marami pa pala akong pwedeng matutuhan lalo na sa tamang panahon at dami ng pataba. Malaking tulong ito para sa amin para makabawas sa gastos, pati na rin sa pagkontrol ng mga posibleng maging sakit dala ng sobra-sobrang pataba.

Reynalie Banusong, 45, farmer/extension worker, Ilocos Sur

PhilRice Text Center

“Ang bilis mag-reply ng PhilRice Text Center. Laking tulong talaga lalo na sa pagpili ng barayti ng palay na angkop sa aming lugar.

Diosdado Baniqued, 57, magsasaka, Zamboanga Del Sur

“Isang text lang sa 0917-111-7423 ay malalaman mo na ang katangian ng isang barayti, lalo na sa mga barayting bago o hindi pa kilala dito sa aming lugar. Kumbaga, *partner* na namin ito kapag nagko-*conduct* kami ng *field visits*.

Lynn Mark Kadungog, 26, Field technician, Davao Del Sur

Napapanahong AGRI-TEKNOLOHIYA, abangan

▪ Mervalyn Oplas-Tomas ▪



Jemuel Sotto

Automated Drip Irrigation System

(Mga dalubhasa: Dr. Jasper G. Tallada, Mighty Jemuel C. Sotto, Edwin M. Dicen III, Dennis C. Paraguison, at Nehemiah L. Caballong)

Pagpapatubig ayon sa pangangailangan ng halaman, sa halip na binabaha, ang isinusulong ng sistemang ito. Upang matupad ito, naglalagat sa bukid ng mga *hose* na direktang nagpapatubig sa mga halaman.

Nasa malayo ka man, maaaring magmonitor gamit ang *cellphone*, maaari mong alamin ang kalagayan ng iyong lupa at magdesisyong patubigan ang iyong tanim.

Sa DA-PhilRice, ang *device* ay gumagamit ng *solar power* para sa mas matipid na pagkunsumo ng enerhiya.

Automatic water gates

(Mga dalubhasa: Dr. JG Tallada, MJCJemuel C. Sotto, EMDicen III, DC Paraguison, at NL Caballong)

Sa pag-aayos ng irigasyon sa palayan, isa sa mga rekomendasyon ang pagkakaroon ng *water canals* o *channels*. Gamit ito, mas mapadadali ang pagpapatubig ng mga magsasaka. Sa pamamagitan ng *internet* at *smartphone*, mabubuksan at maisasara o makokontrol na nila ang kanilang patubig kahit nasa bahay sila. Mayroon itong motor na siyang kumokontrol sa *metal plate* na pataas at pababa upang mapaluwang at mapasikip ang daluyan ng tubig.

Water Quality Monitoring System

(Mga dalubhasa: Dr. JG Tallada, MJC Sotto, EM Dicen III, at DC Paraguison at NL Caballong)

Ginagamit ito para malaman kung angkop pa ba ang tubig para sa palaisdaan at sa palayan. Mahalaga na mapanatili ang tamang kalidad ng tubig para sa isda at palay dahil dito nakasalalay kung magiging malusog o lalago ang mga ito.



Jemuel Sotto

Drone

(Dalubhasa: Ailon Oliver V. Capistrano)



Jayson Berto

Sa ilalim ng SmarterRice program ng DA-PhilRice, kasalukuyang ihinahambing ang mga kulay ng mga larawan ng halamang palay na nakuha gamit ang *drone* at Leaf Color Computing (LCC) *app*.

Kung 'di nagkakalayo ang mga kulay ay pagsasanibin ang dalawang teknolohiya upang mas mapadali ang pagkuha ng larawan, mas malawak ang makukuhanan ng larawan, at mas magiging aktwal na parte ng buong bukid ang kulay ng palay na mailalarawan. Sa pamamagitan nito, mas magiging magaan at makatotohanan ang pagsusuri ng kulay ng palay para mabigyan ng angkop na patabang may nitrohenang ang palayan.



Angelie Cabiles

Seed Sower

(Dalubhasa: Angelie Cabiles, TAO Commodity Inc.)

Maaari itong gamitin para sa pagsasabog-tanim ng palay, paglalagay ng abono, at pagbobomba ng pestisidyo.

Dalawang tao lang ang kailangang magpapagana nito. Kaya nitong tamnan ang isang ektarya sa loob ng 2 oras. Matipid pa sa binhi dahil 18-20kg/ekt lamang ang gagamitin sa *hybrid* at 30-40kg/ekt kung sa *inbred*.

Huwag nang mag-abang! Mabibili na ito sa Tao Commodity Trader Incorporated sa halagang P50,000 bawat yunit. Tumawag lamang sa 0917-130-5614 at hanapin si Bb. Angelie Cabiles. Maaari ring bisitahin ang kanilang tanggapan sa #90 P.E. Antonio St., Ugong, Pasig City, Metro Manila.




Nehemiah Caballong

RCM, kasangkapan sa madiskarteng pagpapataba

Julianne A. Suarez

Halos 3 dekada nang naglilingkod si Ginoong Fil Victor “Dodoy” Babanto bilang *information officer* sa Agricultural Training Institute - Regional Training Center 13. Kaya naman masasabing tumitibok ang puso niya para sa mga magsasaka at hangad niya ang tuluy-tuloy nilang masaganang ani at mataas na kita.

Para sa kanya, mahalagang walang magsasaka ang mapag-iwanan.



Sa pamamagitan ng RCM App, umabot na sa libu-libong magsasaka at 100 *extension workers* sa Caraga region ang naturuan ng grupo ni Babanto.

Lahat ay dapat sama-sama sa pag-angat at pag-alwan ng buhay. Kaya naman simula 2017, halos 1,500 magsasaka ng palay at mga 100 *extension workers* ang sinanay ni Dodoy sa paggamit ng Rice Crop Manager (RCM). Patuloy siyang doble-hataw na tumitimon sa mga tinuruan niya.

Ang RCM ay isang *computer app* na makapagbibigay ng rekomendasyon sa mga magsasaka hinggil sa makabagong pamamaraan ng *crop* at *nutrient management*.

“Malaking tulong ang RCM sa mga magsasaka para matukoy nila ang tamang uri at dami ng pataba, pati saktong tiyempo ng pag-aabono sa mga mahalagang yugto ng paglaki ng palay. Dahil dito, sulit at bawing-bawi ang ginagastos nila kasi naiiwasan ang sayang,” pagpapaliwanag ni Dodoy.

Mga magsasakang hiyang sa RCM

Taong 2016 nang masubukan ni Gloria Paguntalan na taga Sto. Tomas, Loreto, Agusan del Sur ang RCM. Ayon sa kanya, dati ay patyamba-tyamba lang ang paglalagay niya ng pataba. Pero hindi na ngayon. Sa patnubay ng RCM, natitiyak na niya kung ano at kailan ang tamang panahon ng pagpapataba. Aniya ay bumulusok pataas ang kanyang ani buhat nang sundin niya ang mga

rekomendasyon. Dumadaplis sa 9 tonelada kada ektarya bawat anihan ang kanyang biyaya.

Kwento naman ni Rosualdo Bayla mula Dacutan, Esperanza, Agusan del Sur na tunay na itinuro sa kanilang mga magsasaka ang tamang pamamaraan ng pagpapataba nang dumalo siya sa *briefing* tungkol sa RCM. Laking pasalamat niya at tumalima siya sa mga rekomendasyon na nakapagbigay-umento sa kanyang ani.

Noong una naman ay walang bilib sa RCM si Norberto Ginoo mula Poblacion, Esperanza. Tama na at sapat na raw sa kanya ang nakasanayan niyang pamamaraan sa pagsasaka. Parang kuryenteng balita lang sa kanya ang RCM noon. Hindi naman nagsisi si Mang Norberto nang sundin niya ang mga payo at kumpas ng RCM. Kung dati ay 35 sako ang pinagtyatyagaan niyang ani, ngayon ay nasa 47 sako na ang binibilang sa kanyang kalahating ektaryang palayan. Partida pa dahil pineste pa ng daga at insekto ang kaniyang bukid.

Hindi lang taga-Agusan ang pwedeng umeksena sa RCM. Kung ibig ninyong namnamin at maging alamat sa paggamit ng *computer app* na ito, sumangguni sa inyong *municipal agriculture office* at humingi ng gabay kaugnay ng RCM *app*.

Bagamat hindi maibubulong ng lupa kung anong pataba ang kulang sa kanya, may Minus-One Element Technique (MOET) *kit* at *app* naman na pwedeng humimas at kumilatis sa kailangan nito. Wala nang patyamba-tyambang hula sa uri at dami ng patabang ibibigay sa palay. Bonus pa na pwede mong ipakompyut ang dami ng abono depende sa antas ng ani na nais mong abutin.

Todo-pasalamat si Raymundo Peter B. Bañaga, 48, mula Mangatarem, Pangasinan na naipakilala sa kanila ang MOET *app* at *kit*. Mabuti na lamang at kabilang siya sa mga magsasakang napaglilingkuran ng Rice Business Innovations System (RiceBIS) Community ng PhilRice.

Ganadong magsasaka

Pitong taon nang nagsasaka ang BS Agriculture *graduate* na si Peter. Siya na ngayon ang nangangasiwa sa 7 ektaryang lupain ng kanilang pamilya. Batid naman daw niyang may pera sa pagsasaka na siyang nagtustos sa pag-aaral nilang magkakapatid.

Aminado si Peter na ang pagsasaka ng kanyang ama noon ay sinauna pa kumpara sa natutuhan niyang mga makabagong pamamaraan, na bagay sumanib sa kanilang mga nakagawian.

Kwentong MOET

Walang duda si Peter sa kahalagahan ng pagsusuri ng lupa. Napag-aralan daw niya ito nung nasa kolehiyo pa. Ang bago sa kanyang pandinig ay ang makabagong pamamaraan ng pagsusuri na pwede nang isagawa



Katuwang ang MOET App, maginhawang natutukoy ang kakulangan sa sustansiya ng lupa at tamang dami at *timing* ng ilalagay na pataba.

Cherry Rose Pabigayan

Hula no more sa pagpapataba, sa MOET ipaubaya

• Julianne A. Suarez •

sa sariling bukid, sa halip na sa laboratoryo pa.

Sa paggamit ng MOET *kit*, matutukoy sa mga tanim sa paso kung alin ang may kumpleto o kulang na pataba at sustansiya. Kung ang lahat ng palay sa paso ay malulusog, hudyat ito na may sapat na sustansiya ang lupa. Sa paso na mas mababa sa 80% ang laki o bilang ng suwi ang palay, kulang ito sa nakamarkang uri ng sustansiya.

Samantala, ang MOET *App* ang siyang nagtutuos ng dami ng pataba na iyong isasabog. Kaya nitong kwentahin ang tamang dami at oras sa pag-aabono ayon sa lebel ng kakulangan ng pataba sa lupa, tungo sa maipagmamalaking ani.

Salamat MOET

“Una kong nasubukan gamitin ang MOET *app* nung 2021 *dry season* mula Disyembre 2020 hanggang Marso 2021. Pagkatapos namin gumawa ng MOET *setup*, dinownload ko ang MOET *App* sa aking *cellphone* para makwenta ang tamang *fertilizer requirement*,” pag-aalala niya.

“Mga 5.5t/ekt ang ani ko dati. Sa tulong ng MOET *app* ay sumirit ito sa higit 7 tonelada,” nakangiting sabi ni Peter.

“Sa mga katulad kong magsasaka na gusto pang umangat ang ani, hinihikayat ko kayo na ‘wag matakot sumubok ng mga makabagong teknolohiya. Makatutulong ang mga ito upang mapagaan ang buhay natin,” pag-eendorso niya. •



Dahil sa pagsasaka, proud si Roy na nakapundar na siya ng traktora.

Magsasakang newbie pero techy

▪ Allan C. Biwang Jr. ▪

Taong 2020 nang maengganyong gamitin ni Roy L. Jacalan, 50, ng Isulan, Sultan Kudarat ang Leaf Color Computing o LCC App, isang *android app* na nadevelop ng DA-PhilRice. Kaya nitong makapagrekomena ng dami ng nitrohen at panahon ng pagpapataba sa pamamagitan ng paglitrato ng dahon gamit ang *cellphone*. Mabuti na lamang at nakasali siya sa pagsasanay ng DA-Agricultural Training Institute ukol sa pagiging *seed grower*.

Bilib sa LCC app

Nitong nakaraang tag-araw ay sinubukan ni Mang Roy ang LCC App sa kanyang 20 ektaryang pinamamahalaang palayan. "Nakatutuwang malaman na may iba pa palang gamit ang *front camera* ng *cellphone* ko. Bukod sa pagse-selfie, pwede rin palang makatulong bilang gabay sa pagpapataba," tuklas ni Mang Roy.

Pagkatapos niyang maglitrato ng mga dahon sa mismong palayan ay agad nitong ipinasok sa *app* upang maproseso. Aniya nakamamangha na hindi nagkakalayo ang naging rekomendasyon ng LCC App sa kanyang natutuhan sa pagsasanay.

Ang kaibahan lang ay hindi mo na kailangang tanyahin ang *assessment* sa bukid dahil *instant* ang rekomendasyon ng *app*.

Ayon kay Ailon Oliver Capistrano, *lead researcher* sa pagbuo ng LCC App, maiiwasan ang tinatawag na "*human error*" dahil ang *app* na mismo ang babalangkang ng rekomendasyon.

Kaya ng LCC App makapag-rekomenda ng pataba sa loob lamang ng isang minuto. Dagdag pa ni Capistrano na hindi kaila-

ngang mahal na *smartphone* ang bilhin dahil sa 5 *megapixel front camera* lang ay sapat na upang magamit ang LCC App.

Aminado si Roy Jacalan na malaking tulong ang LCC app dahil mas pinadali, pinabilis, at episyente ang rekomendasyon sa pagpapataba. "Bukod pa siyempre sa mga dalubhasa at base sa siyensya ang makukuhang gabay mula sa LCC app," dagdag pa ni Mang Roy. •

Paano gamitin ang LCC App

1. Gamit ang *android phone*, mag-download ng LCC *app* sa PlayStore (bit.ly/LCCAppPro).
2. Punan ang *Farm Profile* at i-save.
3. Gamit ang *front camera*, ilapat sa ibabaw ng *camera* ang pinakamataas at nakabukang dahon. Siguraduhing 12 dahon sa magkakalayong puno ng palay ang lilitratuhan. Iwasang maliliman ang *cellphone* habang kumukuha ng larawan upang hindi dumilim ang kuha.
4. I-tap ang "*Select Farm*" ng LCC *app* at piliin ang iyong bukid sa listahan.
5. I-click ang "*Scan Leaf*". I-tap ang bawat kahon at ilagay ang litrato ng dahon. Kompletuhin ang 12 kahon.
6. I-click ang "*Compute Recommendation*" upang matuos ang kailangang pataba.
7. I-click ang "*Save Image*" para maisinop ang kopya ng rekomendasyon sa *gallery*.

Anu-anong apps pa ang nais niyong balangkasin namin para sa inyo?

▪ Fredierick M. Saludez ▪



'Yong para po sana sa pagkilala sa mga sakit ng palay. Malaking tulong ito dahil magiging gabay namin sa pamamahala ng mga peste lalo na kung yumayabong na ang palay.



Imelda Parbo, 64, Ilocos Norte

Maganda sana na malaman ang tamang dami ng tubig sa bawat yugto ng tanim na palay. Dito kasi sa amin ay kinukulang ang tubig.



Kimberly Andrade, 25, Iloilo

Dahil po sa pabagu-bago ang klima, kailangan namin ng gabay sa pagpili ng mga binhi na makakaagapay sa pangit na epekto ng *Climate Change*.



Estella Asuncion, 58, Surigao Del Norte

Palagi kasing problema namin ang *stem borer* at kuhol sa palayan. Gusto namin na magabayan kami sa pagkontrol ng mga ito.



Freddie Membrano, 55, South Cotabato

Karaniwan kasi dito sa amin mas gusto nila yung mga *traditional variety* kaysa sa mga modernong palay, dahil nasubukan nila na mas matibay. Magkaroon sana ng mga *applications* na magrecommend/o *database* ng mga *traditional variety* na sadyang para sa bawat lugar sa Pilipinas na gusto nito. Mga katangian nito na may kakayahang mabuhay sa mga problematikong lupa na hindi maaaring tamnan ng mga makabagong barayti.



Mel John Magbunga, 33, Palawan

Gusto naming magabayan sa mga paraan ng paggawa at paggamit ng *organic fertilizers* at *pesticides* sa palayan. Delikado kasi sa kalusugan ang mga lason.



Reden Santiago, 47, Agusan Del Sur

Online tindahan, pwede

▪ Reuel M. Maramara ▪
▪ Aldrin G. Castro ▪

Binansagang *social media capital* sa buong mundo ang Pilipinas, patunay na napakaraming Pinoy ang gumagamit ng Facebook. Ang iba ay para malibang, ilan naman ay para matuto ng bagong kaalaman, o 'di kaya'y magbenta ng produkto *online*.

Kabilang ang Rice Terraces Farmers' Cooperative (RTFC) sa Banaue, Ifugao sa mga nagbebenta ng kanilang produkto gamit ang Facebook. Bukod sa maraming potensiyal na mamimili sa Facebook, mas tipid pa dahil hindi mo na kailangan pang ialok nang paiza-isa sa mga magiging suki. Bukod pa siyempre sa mas ligtas ang transaksyon, lalo na ngayong nagbababad pa sa Pinas ang COVID-19. *Physical distancing* ika nga nang iwas hawa.


Bili na kayo

Kabilang ang *brown*, *white*, at *pigmented rice* sa mga binebenta ng RTFC. Hindi matumal sa kanila ang mga *traditional rice* dahil dumarami na raw ang mga *health-conscious* o yung mga nag-iingat sa pagkain alang-alang sa kalusugan.

Bukod sa mabango at masarap kainin, karamihan sa mga *traditional rice* ay mayaman sa *antioxidants* na mabisang panlaban sa *free radicals* na may kaugnayan sa maraming sakit, tulad ng *cancer* at paglabo ng paningin. Kaya maituturing itong *world-class*. Sa katunayan umabot na hanggang Estados Unidos ang kanilang produkto. Halos 10 taon din silang nakapag-export na nagsimula noong 2006. Sayang nga raw at nahinto kamakailan.

Online selling bunsod ng pandemya

Ayon kay Jimmy G. Lingayo, 61, tagapamahala ng RTFC, malaking dagok sa kanilang kooperatiba ang



Sa tulong ng *social media*, naitataguyod pa rin ng Rice Terraces Farmers' Cooperative ang pagbebenta ng kanilang produkto sa kabila ng kinakaharap na pandemya.

paghahanap ng maraming kustomer nang matigil ang pag-export ng kanilang produkto, kaya doble sikap sila sa pag-promote nito sa lokal na merkado. Bukod sa pag-promote nito sa mga turista sa kanilang lugar, pinasok na rin nila ang mundo ng Facebook. "Sa Facebook na kami nag-uupload ng mga produkto namin, hindi mo na kailangan pang mapagod magpaliwanag, larawan pa lang, kuha na agad ang mensahe sa pagbebenta," kwento ng pagtuklas ni Ginoong Jimmy.

Sa ulat ng ahensyang We Are Social, nasa 89 milyong Pilipino ang gumagamit ng *social media* nitong Enero 2021. Mas marami nang 16M kumpara noong Enero 2020. Umaabot nga raw sa 4 na oras at 15 minuto ang ginugugol ng bawat Pilipino sa *social media* bawat araw. Facebook ang isa sa mga nangungunang *social media sites* na ginagamit ng mga Pinoy.

Diskarteng pagbebenta sa Facebook

Nang dumapurak ang COVID-19 *pandemic*, marami sa mga kliyente ng RTFC ang tumigil din sa pagbili ng kanilang bigas.

"Naapektuhan din ang negosyo ng mga suki namin kaya sila tumigil. Mahirap dahil marami kaming suplay at nagtatanong ang aming mga miyembro kung bibili pa ba kami ng ani nila. Wala naman kami mapagbentahan ng maramihan dahil tingi-tingi lang din ang binibili ng iba," panghihinayang ni Jimmy.

Pahirapan din ang pagpapakilala ng mga produkto dahil hindi makabyahe at bawal ang mga pagtitipon. Mabuti na lang at nakapag-promote at benta sila ng kanilang paninda sa Facebook.

Alinsunod kay Carolina N. Dominong, 56, kawani ng RTFC,



Bukod sa tradisyunal na bigas, ipinagmamalaki rin ng RTFC sa Banaue, Ifugao ang iba pa nilang produkto tulad ng Robusta at Arabica coffee.

dinisenyo nila ang kanilang Facebook *page* sa pagnanais na mas madiskubre pa ang kanilang mga produkto ng maraming tao na hindi naman nakakabisita pa sa Banaue.

"Uso kasi ang Facebook, kaya naisipan naming gumawa ng sariling *page* nang sa gayon ay mas mabilis makita ng aming mga kustomer ang itsura ng aming mga bigas," pahayag ni Carolina.

Bukod sa mas mabilis na pakikipag-usap sa mga kliyente, mas nadagdagan pa ang mamimili at may mga nagtatanong din tungkol sa mga produkto ng RTFC.

"May mga kumokontak sa amin sa Facebook galing sa malayong lugar, tulad ng Manila at Baguio City. Kaya kahit natigil ang pag-export, nakakabenta pa rin kami ng isang tonelada kada buwan," malakas ang loob ni Ginoong Jimmy.

"Malaking tulong na nakikita ng mga tao ang aming produkto sa Facebook. Minsan may bigla na lang nagtatanong tungkol

sa paninda namin. Kaya kahit papaano ay may dagdag talaga sa naibebenta namin," pagpapasalamat ni Carolina.

"Maganda ang naidudulot ng paggamit ng Facebook sa amin," pagsang-ayon ni Jimmy.

Aminado naman si Carolina na hindi pa nila naisasagad ang paggamit ng *social media*. Sa ngayon may mahigit 2,000 *followers* pa lang ang kanilang Facebook *page*.

"Alam kong marami pang benepisyong handog ang pag-market sa *social media*. Pero kahit minsan lang kami mag-post sa isang buwan, mainam na simula na rin ito tungo sa mas malawak na kalakalan *online*," diin ni Carolina.

Ang RTFC ay nagbebenta ng *traditional rice* sa halagang P100-P125 per kilo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga produkto ng RTFC, bisitahin ang kanilang Facebook *page* sa @heirloomricebanaue. Maaari ring mag-email sa riceterracesfarmers@yahoo.com.ph. •

Mahilig manood ng *vlogs* ang 29-anyos na magsasakang si Mark Joseph Cunanan mula sa Cabaio, Nueva Ecija. Ang *vlog* ay isang *video material* na ang kalimitang paksa ay mga pang araw-araw na gawain ng isang *vlogger*.

Isa sa kinagigiliwang *vlogger* ni Mark o Macki sa Youtube ay si Motodeck, isang motorista na may mahigit 800,000 *subscribers*.

Buhay sa Youtube

Dahil kilig si Macki sa pagmomotor, naging inspirasyon niya si Motodeck sa paggawa ng sarili niyang Youtube Channel.

Vlog sa pagsasaka, nood na

■ Mary Grace M. Nido ■

Bininyagan niya itong Macki Moto, dahil una niyang pinangarap na gumawa ng *content* tungkol sa mga *motor* at pagmomotor.

“Napag-isipan ko na hindi ko pala kaya. Kaya nagpasya ako na ang *content* na lang ay yung pang araw-araw na gawain namin sa bukid,” pag-amin ni Macki.

Kadalasang ipinapakita ni Macki sa kanyang *vlogs* ang buhay-probinsya at mga gawain sa bukid sa bawat araw na ginawa ng Diyos. Karaniwan ay nasa 20-30 minuto ang haba ng mga *videos*.

Sa pagpapalayan, paborito niyang itanim ang NSIC Rc 216 at Rc 402 sa kanyang higit na isang ektaryang bukirin. Nakapag-vlog

na siya tungkol sa pagbababad ng binhi, pagpapatubig, pamamahala ng peste, pag-ani, at pagtatanim ng iba’t ibang gulay. Kahit mga *videos* tungkol sa pag-ulam ng kamaru, dalag, at paglusong sa ilog kasama ang mga ka-tropa niya sa bukid ay kinagigiliwan din ng mga *subscribers* o mga “ka-buddy” kung kanyang tawagin.

Buhay vlogger


“Noong una hindi ako naniniwala na pwede kang kumita sa Youtube. Hangga’t hindi ko nahahawakan, hindi ako kumbinsido, hanggang sa nakuha na namin yung sahod, totoo pala,” pahayag ni Macki.

Macki ng *endorsement deal* mula sa isang *telecommunications company*.

Para kay Macki, “mahirap na masaya” ang buhay ng isang *farmer-vlogger* kagaya niya.

Ngayon ay higit 240,000 na ang *subscribers* ni Macki sa kanyang Youtube Channel. Marami sa kanyang mga tagasubaybay ay mga *overseas Filipino workers*.

Tingin ni Macki, marami sa mga nag-aabang sa “palabas” ay nami-miss ang buhay-probinsya lalo na ang mga Pinoy na nasa ibang bansa at lubhang nangungulila.



Nagsimula June 2019 ang bagong kabanata ng buhay niya at unang sumahod noong February 2020 ng mahigit P40,000. Ngayon ay halos doble na ang kanyang kita sa *vlogging* kada buwan.

Mula sa simpleng *cellphone*, nadagdagan ang kanyang kagamitan ng isang *action camera* – tamang-tama sa kanyang mga *adventures* sa bukid.

Ang kanyang sinasahod sa Youtube at kita ng kanyang misis sa *online selling* ng mga damit ay nagamit na rin nilang pandagdag sa pagbili ng tatlong ektaryang lupa.

Dala na rin ng kasikatan ng kanyang *vlog*, nagkaroon din si

Future vloggers

“Kahit mawala yung Youtube, magsasaka pa rin ako. Hahanapin mo kung saan ka masaya,” giit ni Macki.


Ngunit hindi rin naman masama na magkaroon ng karagdagang kita bukod sa pagsasaka. Payo niya sa mga gusto ring pasukin ang *vlogging*, mas makabubuti kung gumawa sila ng *videos* na may natututuhan ang mga manonood, bukod sa naaaliw.

“Kapag may natutuhan o nagustuhan yung tao sa *video*, sigurado araw-araw ka nang aabangan,” dagdag pa ni Macki.

Mahalaga umano na gusto ng magsasaka ang kanyang ginagawa. Kailangan ding bukas ang mga magsasaka sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya. •

Kaalaman sa pagsasaka, humugot sa PinoyRice

▪ Mervaln Oplas-Tomas ▪



Mula sa pagpili ng binhi hanggang sa pagsisinop ng ani ay kumpletong mababasa sa Pinoy Rice Knowledge Bank.

Para kay Randy Butuhan, 38, mula San Ildefonso, Bulacan ay malaking tulong ang Pinoy Rice Knowledge Bank [www.pinoyrice.com] sa pagpapayabong ng kanyang kaalaman sa pagsasaka. Mabuti na lamang daw at naipakilala ito sa kanila taong 2015 sa isang *training*.

Pinadaling pagkatas ng impormasyon

Kung dati ay kailangan pang magdala ng sampol ng sakit ng palay sa pinakamalapit na eksperto ng palay at maghintay nang 1-2 araw para balikan ang “reseta”, ay iba na raw ngayon. Kumbaga ay isang galit na lang (ilang minuto) ay marami na siyang mababasa at mapapanood na kapani-paniwalang impormasyon tungkol sa pagpapalayan. “Salamat PinoyRice,” nangingiting pagkilala ni Randy.

Ang PinoyRice ay isang *website* na pinangangasiwaan ng DA-PhilRice kung saan maaaring

maghalukay ng mga kaalaman tungkol sa pagpapalayan ang mga magsasaka, *agriculture technologists, trainers* at iba pang interesado dito. Mayaman ito sa mga babasahin, *powerpoint presentations, audio clips, at video materials* na pwedeng ma-download o hanguin.

“Dito ko inuungkat ang mga impormasyon hinggil sa mga barayti ng palay, at *integrated pest/nutrient management*,” pag-amin ni Randy.

“Nakatitipid na rin ako sa gastos dahil hindi na ako nanghuhula ng gagawin. Dati, kapag nagtatanong ako sa ibang magsasaka at sabihan akong maglagay ng limang sakong pataba, dinodoble ko pa para sigurado,” panghihinayang niya.

Mula sa pagiging *laborer*, si Randy na ang tinitingalang *farm supervisor* ng Duran Farm Agribusiness and Training Center sa Baswit, San Ildefonso, na



Masugid na nananaliksik si Randy Butuhan ng tungkol sa mga teknolohiya at tamang pamamaraan ng pagsasaka upang mapaganda ang ani ng pinamamahalaan niyang palayan at maibahagi rin ito sa mga kapwa niyang magsasaka.

ngayon ay namamayagpag dahil sa kanilang nakakainggit na palay at gulay at makabagong makinarya.

Maliban sa PinoyRice, napapakinabangan din ni Randy ang iba pang mga *website* sa *internet*. Dahil sa kagustuhan niyang maging makabago ang pinangangasiwaan niyang bukid, naghahanap siya ng mga teknolohiyang ginagamit ng mga magsasaka sa ibang bansa. •

SULAT NI: CHRISTINA A. FREDILES

GUHIT NI: JUDE KLARENCE C. PANGILINAN

D	Y	G	S	V	C	I	T	N	L	I	O	Z	G	T	L	R	I
X	T	A	R	R	T	P	L	S	U	T	T	D	E	V	D	D	I
P	M	A	L	C	W	E	T	P	F	A	I	O	O	K	N	B	M
R	R	L	G	A	D	R	C	K	I	J	M	C	X	P	B	W	O
O	L	E	C	R	P	R	H	I	W	N	Z	M	N	T	G	P	T
T	N	R	R	C	I	G	O	C	R	A	O	G	S	P	U	Z	E
Y	L	V	T	D	A	D	N	N	Z	L	R	Y	N	I	T	N	G
R	C	C	P	I	N	P	O	I	E	A	I	E	R	K	R	K	L
I	Y	Q	O	N	V	O	P	C	H	R	D	H	N	I	A	P	Q
S	Y	P	H	N	J	X	M	H	X	N	F	L	P	T	C	U	A
P	A	L	A	Y	A	R	A	L	A	N	I	C	G	U	A	E	M
Q	D	D	Q	Y	R	R	V	C	G	L	T	B	L	U	R	C	T
3	2	4	7	1	1	1	7	1	9	0	S	T	4	0	R	A	A

SALUNGGUHITAN ANG MGA SUMUSUNOD NA SALITA/AKRONIM.

AGRIDOC - mobile app para sa mga gawain at pagtuos ng mga gastusin sa palayan. Madali nitong matuos ang kabuuang gastos maging ang inaasahang kita.

BINHING PALAY - mobile application nang malaman ang mga katangian ng mga barayti ng palay.

PINOYRICE - knowledge bank o mapaghuugutan ng impormasyon mula sa pagpili ng binhi hanggang pagsisinop ng aning palay.

KWARENTA - timbang (kilo) ng binhing ipupunla bawat ektarya para sa paraang lipat-tanim.

PALAYARALAN - walang matrikulang online learning sa PhilRice.

RCM - decision-support tool na tumutulong sa mga magsasaka patungkol sa tamang pagpapataba ng palay.

MOET - mobile app upang malaman ang kailangang pataba ng palay.

LCC APP - mobile app na magsasabi kung kailangan na ng nitrohenong pataba ng palay.

PHILRICE TV - youtube channel ng PhilRice.

DRONE - pinalilipad na kagamitan upang maglitrato o kumuha ng video, magsabog-tanim, o magbomba ng pestisidyo sa palay.

PRISM - gumagamit ng remote sensing o satellite technology na siyang nagbibigay impormasyon kung saan at kailan dapat magtanim ng palay.

0917 111 7423 - numero ng PhilRice Text Center.

6 WAIS TIPS SA PAGPAPALAYAN

1



Ugaliing maglista ng mga pumasok at lumabas na pera sa iyong pagsasaka nang matuos kung magkano ang naging kita sa negosyo. Sa paglilista, malalaman mo kung kumikita o palugi ang iyong pagsasaka.

2



Sa paghahanda ng lupa, patag dapat. Siguraduhing walang mataas o mababang parte ng lupa matapos ang huling pagpapatag.

3



Walang labis, walang kulang. Sapat lang na binhi dapat. Kasya na sa isang ektarya ang 20-40 kilong inbred na ipupunla kung lipat-tanim at 60-80 kilo kung sabog-tanim.

4



Dapat tamang panahon ang pagpapataba. Sayang ang pataba kung 'di pa kailangan ng palayan. Dagdag gastos na, hindi pa sasantuhin ng mga peste ang iyong tanim.

5



Kalma ka lang. Hindi kailangang mag-insecticide 30 araw pagkalipat-tanim o 40 araw kung sabog-tanim. Kainan man ng peste ang dahon, tutubo ulit yan.

6



Sumali sa mga *training* sa pagpapalayan na hatid ng RCEF. Dagdag kaalaman na, libre pa! Call or text 0920-946-2474



Uploads PLAY ALL

Natuto ka na, nag-enjoy ka pa!

Nood na!

RiceBIS Community Program

241 views • 3 weeks ago



Sariaya, Quezon

61 views • 2 months ago



PHILRICE EXTENSION 3-11-2021

88 views • 2 months ago



Philippine Rice Research Institute 2021

598 views



Lakbay Binhi Vlog #5 Seed Production

5 months ago



Lakbay Binhi Vlog #4 Seed distribution

155 views • 5 months ago

Lakbay Binhi Vlog #3 Seed delivery and inspection

321 views • 5 months ago



Cooperation

views • 6 months ago

DA-PHILRICE CENTRAL EXPERIMENT STATION

Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
Tel: (44) 456-0277 • Direct line/Telefax: (44) 456-0354

BRANCH STATIONS:

DA-PhilRice Batac, MMSU Campus, Batac City, 2906 Ilocos Norte; Telefax: (77) 772-0654; 670-1867; Tel: 677-1508 Email: batac_1.station@philrice.gov.ph
DA-PhilRice Isabela, Malasin, San Mateo, 3318 Isabela; Mobile: 0947-996-2554; 0927-437-7769; Email: isabela.station@philrice.gov.ph
DA-PhilRice Los Baños, UPLB Campus, College, 4030 Laguna; Tel: (49) 536-8620; 501-1917; Mobile: 0920-911-1420; Email: losbanos.station@philrice.gov.ph
DA-PhilRice Bicol, Batang, Ligao City, 4504 Albay; Tel: (52) 284-4860; Mobile: 0918-946-7439; Email: bicol.station@philrice.gov.ph
DA-PhilRice Negros, Cansilayan, Murcia, 6129 Negros Occidental; Mobile: 0949-194-2307; 0927-462-4026; Email: negros.station@philrice.gov.ph
DA-PhilRice Agusan, Basilisa, RTRomualdez, 8611 Agusan del Norte; Telefax: (85) 343-0768; Tel: 343-0534; 343-0778; Email: agusan.station@philrice.gov.ph
DA-PhilRice Midsayap, Bual Norte, Midsayap, 9410 North Cotabato; Telefax: (64) 229-8178; 229-7241 to 43 Email: midsayap.station@philrice.gov.ph

SATELLITE STATIONS:

Mindoro Satellite Station, Alacaak, Sta. Cruz, 5105 Occidental Mindoro • Mobile: 0919-495-9371; 0948-655-7778; 0956-632-1002
Samar Satellite Station, UEP Campus, Catarman, 6400 Northern Samar • Mobile: 0948-754-5994; 0921-555-5500
Zamboanga Satellite Station, WMSU Campus, San Ramon, 7000 Zamboanga City • Mobile: 0910-645-9323; 0975-526-0306

PhilRice Field Office, CMU Campus, Maramag, 8714 Bukidnon; Mobile: 0916-367-6086; 0909-822-9813
Liaison Office, 3rd Floor, ATI Bldg, Elliptical Road, Diliman, Quezon City; Tel/Fax: (02) 8920-5129



PhilRice TV



www.philrice.gov.ph
www.pinoyrice.com



0917-111-7423



DA-PhilRice



pri.mail@philrice.gov.ph